**Book Review**

SURI 13:2 (2025): 247-252

# Aurelio, Michael Stephen G. at Nogoy, S.J., Patrick Vance, S., *Pilosopiya, OPM, Pag-ibig*[1]

**Anton Heinrich L. Rennesland**
University of Santo Tomas, Manila

Napakamadamdamin ng mga Filipino. Tampok ito sa mga telenovela at palabas na pinapanood natin, at nakakakilig kapag nagkakatuluyan ang mga love team na sinusundan natin. Dama din natin ito sa mga salita ng mga tula o nobela na puno ng mga emosyon na kinagigiliwan. Higit sa lahat siguro tampok ito sa ating mga kanta, kundiman man o harana sa nayon na puno ng hinagpis o ligalig at kahit din sa mga kantang patok na galing sa mga nagkakarerahang jeep sa lansangan. Sa lahat na ito, hindi mawawala na medyo cheesy, nakakakilig, at paminsan-minsan nakagigigil din ang mga nadadama natin. Magandang pag-muni-munihan ito. At dito pumapasok ang akdang *Pilosopiya, OPM, Pag-ibig* nina Michael Stephen G. Aurelio at P. Patrick Vance S. Nogoy, S.J. na nalimbag ng Ateneo de Naga University Press. Nakawiwili ang pamagat ng akda dahil kita na agad ano ang nilalaman ng buong libro: mga sanaysay ukol sa sangandaan ng pilosopiya, mga kantang Filipino, at mga agam-agam sa pag-ibig. Subalit mayroong mas malalim na nibel na nakalakip sa pamagat: P.O.P., *pop*, na niliwanagan ng mga may-akda sa kanilang pambungad. "Taglay ng mga kantang ito ang kapanyarihan ipahiwatig ang damdamin ng karaniwang

[1] Naga: Ateneo de Naga University Press, 2024, 204pp.

**© 2025 Philosophical Association of the Philippines**
https://suri.pap73.site/files/rennesland_suri_october2025.pdf

*Juan* sa mga panahong ito. Ang mga tono at himig ng OPM ay tumagal at lumagpas sa panahon dahil hindi ito pormal o pang-akademiko o mataas na sining. Ito ay *popular* o pang-masa—mga himig o tonong madaling sundan ng nakararami."[2] Ang intensyon ng akda ay hindi lamang lumikom ng mga sanaysay tungkol sa mga nasabi na sa pag-ibig galing sa mga librong inaalikabok sa ating mga aklatan, kundi ipakita mismo ang kaisahan ng pilosopiya at ang yaong *patok*, ang pangkaraniwan, hindi bilang magkatunggali bagkus magkaakibat na bahagi ng buhay ng tao. Walang mas mainam na paksa para rito kundi pag-ibig.

Nakahati ang librong *Pilosopiya, OPM, Pag-ibig* sa dalawang hati, side A at side B, katulad ng isang cassette tape. Parehas na hati ay may 10ng kanta o kabanata, at bawat sanaysay ay may isang kanta bilang inspirasyon o tugon sa nais iparating. Nakakatuwa na sa simula ng bawat sanaysay ay mayroong QR code na magdadala sa mamababasa sa kantag iyon sa Spotify. Mainam na panimula ito sa kabanata upang bigyang linaw na ang mismong damdamin ng kuwento na nakapaloob sa mga susunod na pahina. Hindi ko iisa-isahin ang lahat ng sanaysay, at magtatampok lamang ng dalawa sa pagsusuri na ito.

"Ang Kabaliwan ng Pag-ibig" ay ang pangatlong kabanata sa unang hati ng libro na may kanta na "Ipagpatawad Mo" ng VST & Company. Humingi ng kapatawaran at magpatawad ay susing bahagi ng pagmamahalan, subalit mayroong mga pagkakataon na nagkakasakitan pa rin ang mga mangingibig kapag kulang, sapat, o labis ang kanilang pag-ibig.[3] Sa ganitong karanasan, dapat matandaang muli ang kahalagahan ng hindi paglabis at hindi ring pagkulang. Sa Griyego, *mēdén ágan* o *wala nasa labis* ang nasa rurok ng pagmumuning ito.[4] Kapag wala sa tamang hulog, baliw ang tawag natin sa isang nagmamahal na kulang o, mas madalas, labis ang pagmamahal. At tunay ngang nakababaliw ang pag-ibig. Sa mga sandaling iyon, sakim at makasarili ang baliw na mangingibig,

[2] "Bakit P.O.P.?," sa *Ibid.*, xv.
[3] Tingnan "Ang Kabaliwan ng Pag-ibig," sa *Ibid.*, 15.
[4] Tingnan *Ibid.*, 19.

**© 2025 Philosophical Association of the Philippines**
https://suri.pap73.site/files/rennesland_suri_october2025.pdf

puwedeng puno ng poot dahil gusto niya sa kanya lamang ang kanyang sinisinta o kaya puno ng selos dahil kalabisan na ang pag-ibig. Hango sa mga turo sa *Phaidros* ni Platon, binabahagi sa atin ng may-akda ang kahalagahan ng kakayahang lumipad at iwanan ang mundo.[5] Hindi ito nangangahulugang na dapat nating kalimutan ang pagmamahal, bagkus paalala sa atin ito ng ating kakayahang marahan, maging magaan, at lumipad katulad ng mga anghel sa akda ni Platon. Kaya nga siguro ang pagkakamali ng mga tao sa ngayon, hindi lamang sa pag-ibig kundi sa buhay, ay ang pagmamadali. Kamalian ito ng modernidad, na mismong si Descartes na ang nagsabi sa atin.[6] Baka kaya nagtampuhan, nag-away, o ano man—tila nabaliw na ng pag-ibig—ang mag-bigan dahil naguluhan sila, nagmadaling nagdesisyon, at tuluyang gumawa ng mga pagkakamali. Sa sandali ng ating kabaliwan, baka ang kailangan lamang ay tumigil, humingi ng kapatawaran, at matutong lumipad papalayo sa bigat ng mga pangangatwiran at patungo sa ligaya ng kapatawaran at payak na pagmamahalan.

Ang ika-walong kabanata ay pinamamagatang "Posibilidad, Panahon, at Ang Bula ng Sana" na sinasamahan ng kantang "Ikaw Sana" ni Ogie Alcasid. Sa karanasan ng pag-ibig, hindi mawawala din ang multo ng "sana," ng mga posibilidad na sana nagkaroon o naging, mga bagay na puwedeng sana mangyari. Multo ito na tila bisyo na kung madalas pag-isipan, na sa kinalaunan, puwedeng maging mas totoo pa kaysa sa yaong totoo.[7] Buhat daw sa turo ni P. Roque Ferriols, S.J., ang idea ng posibilidad ay ang pagka-*maaari* ng isang bagay, na siguro batay sa turo ni Aristoteles na ang bawat nilalang ay may posibilidad at kaakibat na aktuwalidad. Ngunit matatagpuan lamang ang pagbabago ng dalawa (posibilidad papuntang aktualidad) sa panahon. Dito sa panahon nakapaloob ang mismong mga posibilidad at ang kilos galing aktualidad papuntang posibilidad, na baka nga kung ating iisipin at hango sa turo ni Martin

5 Tingnan *Ibid.*, 21–22.
6 Tingnan *Ibid.*, 25.
7 Tingnan "Posibilidad, Panahon, at Ang Bula ng Sana," sa *Ibid.*, 57.

**© 2025 Philosophical Association of the Philippines**

Heidegger na mas matimbang pa kaysa sa kasalukuyan.[8] Ngunit panahon din ang siyang mastulang nagbibilango sa atin. Panahon ang nagiging tanod sa mga alaala na pilit nating kinakalimutan. Kasabay nito, ang alaala ng mga nasayang pagkakataon: *bakit ngayon lang kung kailan hindi na puwede?* Paulit-ulit natin tinatanong, kahit ito na ay siyang nagdaan. Ngunit marahil hindi natin napapansin na hindi panahon ang tunay na may sala kundi ang pagpili, ang ating pagpili sa mga nakaraan at sa mga hinaharap.[9] Kaya nananatiling hamon para sa mangingibig ang patuloy na pagpili sa kanyang iniibig, patuloy na pagpili sa kasalukuyan, lalo na sa mga pagkakataon na nagmumukhang mas totoo ang posibilidad ng pag-iibig sa iba.

Itong dalawang kanta't sanaysay ay halimbawa sa mga bumubuo nitong akda. Makikita sa dalawang ito na iba-iba ang tema ng bawat sanaysay kahit na patungkol silang lahat sa pagmamahal. Puno ang libro ng mga konsepto at karanasan na malapit sa atin bilang mga Filipino katulad ng panahon,[10] ang Pasko,[11] pati na rin ang hiwalayan,[12] at marami pang iba. Pagkatapos ng bawat kabanata, tila ang hangad ng mga may-akda ay iwanang nagmumuni-muni ang mambabasa upang mas maintindihan ang pag-ibig na binasa at mabigyan niya ng mas malalim na damdamin ang kantang pinakinggan.

Bilang panapos, nais kong sabihin na ang akdang ito ay patunay na ang pambungad sa pilosopiya ay hindi dapat masalimoot o marahas, katulad ng mga nakagawiang pambungad na pang-akademya. Kahit na hindi ito ang mismong hangad ng libro, hindi ito puwedeng baliwalain lamang. Patunay itong libro na hindi natin kinakailangang lumayo pa para magkaroon ng masusuing imbitasyon para sa iba na mag-aral ng pilosopiya. Masasabi ko siguro na ang hangad nitong libro ay kahawig ng

---

8 Tingnan *Ibid*., 58.

9 Tingnan *Ibid*., 60.

10 Tingnan "Mga Panahon ng Pag-ibig" at "Kahapon, Ngayon, at Bukas: Isang Sanaysay tungkol sa Panahon," sa *Ibid*., 32–42, 178–199.

11 Tingnan "Pangungulila sa Pasko," sa *Ibid*., 81–88.

12 Tingnan "Ang Hiwaga ng Hiwalayan ng Pag-ibig," sa *Ibid*., 147–155.

© 2025 Philosophical Association of the Philippines
https://suri.pap73.site/files/rennesland_suri_october2025.pdf

*Sophie's World* ni Jostein Gaarder na nakakatuwang paanyaya para sa mga tao upang malaman kung ano ang pilosopiya.[13] Subalit kung ikukumpara ang dalawang libro, mapapansin puno ng mga sipi at pagsangguni sa mga pilosopo ang *Sophie's World*, ngunit lamang ang *Pilosopiya, OPM, Pag-ibig* sa damdamin. Wala itong kuwento na pawang imahinasyon lamang kundi mismong paglaro sa pilosopiya at damdamin, pagtalakay sa mga pangkaraniwang damdam at karanasang Filipino, na masasabi ko akmang akmang akma para sa atin. Higit sa lahat, ang librong ito ay sagisag at patunay na hindi dapat nagkakaroon ng tagisan ang akademikong pag-aaral at ang pang-araw-araw na pamumuhay. Sa katunayan, dapat nga pilosopiya mismo ang nagsisilbing tulay sa puwang ng teyoriya at ang kulturang patok (na ibig kong salin sa pop culture). Ang tunay na trahedya ng akademya ay hindi ang kawalan nito ng saysay para sa mga tao, bagkus ang pagwalay natin sa kamalayang Filipino, ang mismong pagbaliwala natin sa pang-araw-araw. Ito siguro ang dapat pag-muni-munihan ng iilan bago magbitaw ng mga kritisismo sa mga akdang katulad nito.

[13] Tingnan Jostein Gaarder, *Sophie's World*, salin ni Paulette Møller (New York: Farrar, Straus and Giroux, 2007).

© 2025 Philosophical Association of the Philippines
https://suri.pap73.site/files/rennesland_suri_october2025.pdf

## REFERENCES

Aurelio, Michael Stephen G. at P. Patrick Vance S. Nogoy, S.J., *Pilosopiya, OPM, Pag-ibig* (Naga: Ateneo de Naga University Press, 2024).

Gaarder, Jostein, *Sophie's World*, salin ni Paulette Møller (New York: Farrar, Straus and Giroux, 2007).

**© 2025 Philosophical Association of the Philippines**
https://suri.pap73.site/files/rennesland_suri_october2025.pdf